ANG MGA KASO NG BANAL NA PAGPAPAGALING NA IPINAKITA
SA IKA-8 PANDAIGDIGANG PAGPUPULONG NG MGA CRISTIANO TUNGKOL SA MEDISINA

# Ang Kapangyarihan ng Diyos!



## “Maraming Taong may Sakit sa Balat ang Lubos na Gumaling”

**Dr. Joonsung Kim** (1-4 Parokya, Espesyalista sa Panggagamot sa mga Bata at Kabataan)

Ako ay isang direktor sa Pandaigdigang Samahan ng mga Doktor sa Korea. Nagpakita ako ng ilang kaso ng banal na pagpapagaling ng sakit sa balat noong Ika-8 Pandaigdigang Pagpupulong ng mga Cristiano tungkol sa Medisina na idinaos sa Australia.

Ang iba't ibang klaseng sakit sa balat tulad ng atopic dermatitis, psoriasis, dyshidrotic eczema, autosensitization dermatitis, at erysipelas ay kadalasang nagdudulot ng malalang pamamaga ng balat. May ilang pasyenteng nagdurusa din sa mga impeksyon dahil sa mikrobyo kaya kailangan nila ng matatapang na mga gamot na panlaban sa pamamaga at mga antibiotic.

Samantala, ang atopic dermatitis o psoriasis ay matagal gumaling. Medyo mahirap itong gamutin kahit mayroon nang magaling na teknolohiyang pang-medikal. Madalas itong umulit at may kasabay pang komplikasyon. Kahit sa ngayon, marami ang may sakit na ganito.

Lahat ng mga kaso ng pagpapagaling na ipinakita ko ay may pagkakapare-pareho – wala sa mga pasyente ang nagpagamot sa doktor. Gusto nilang gumaling, subalit sa pamamagitan lang ng kapangyarihan ng Diyos. Tulad ng nakasulat sa Biblia, gumaling sila kaagad nang sandaling wasakin nila ang pader ng kasalanan laban sa Diyos at may pananalig na tumanggap ng panalangin. Wala silang mga peklat o komplikasyon at hindi na umulit ang mga sakit nila. Nanatili silang malulusog.

Namangha ang 220 na doktor na mula sa 27 mga bansa sa mga kaso ng pagpapagaling at nagbigay sila ng luwalhati sa Diyos. Sa maalab na pananalangin ni Dr. Jaerock Lee, tagapangulo ng WCDN, ang mga karamdaman na hindi malunasan kahit ng modernong medisina ay lubos at mabilis na gumaling.

Samakatwid, ang iba't ibang klaseng sakit sa balat ay magagamot sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang pagsisisi at pananalangin na may pananalig ay may kinalaman sa proseso ng paggaling. Kaya, makikita dito na ang proseso sa espirituwal na paggaling ay kinakailangang mangyari bago ang proseso ng pisikal na paggaling.

### Atopic Dermatitis

**Kapatid na Sukyung Kim**
(20 taong gulang nang magkasakit, taga-Busan)



Noong 2002, gumaling siya nang husto pagkatapos tumanggap ng panalangin. Ngunit nang bumalik sa pagiging maka-mundo, bumalik din ang sakit sa balat noong tag-init ng 2004. Noong Hulyo 2005, muli siyang ipinanalangin at lubos nang gumaling. Magmula noon, naging makinis na ang balat niya.

### Atopic Dermatitis

**Kapatid na Saehee Park**
(16 taong gulang nang magkasakit, taga-Yeosu)



Noong Hunyo 2007, nagkaroon siya ng sakit sa balat na nagsimula sa mga braso at mga binti at kumalat pa sa mukha. Noong Setyembre 7, 2007, tumanggap siya ng panalangin at huminto sa pagtutubig ang mga sugat at nawala na ang pangangati. Dalawa o tatlong araw pagkalipas ng pangalawang panalangin noong Oktubre 5, 2007, nabalutan ng langib ang buong katawan niya at nagkaroon ng bagong balat. Gumaling na nang husto ang atopic dermatitis niya.

### Autosensitization Dermatitis

**Kapatid na Bin Yu**
(6 na taong gulang nang magkasakit, taga- Jeonju)



Bago matapos ang Abril 2008, nagkaroon siya ng sakit sa balat. Nasuring mayroon siyang autosensitization dermatitis. Noong Setyembre 2008, tumanggap siya ng panalangin ng tatlong beses. Noong Oktubre 2008, lubos na siyang gumaling.

### Dyshidrotic Eczema

**Kapatid na Haerang Moon**
(22 taong gulang nang magkasakit, taga- Gwangju)



Noong Agosto 9, 2009, namaga ang mga binti niya at pagkatapos ay sumakit. Noong Agosto 10, nagsugat ito at nagtubig at lalong lumala ang pananakit. Pagkatapos tumanggap ng panalangin noong Agosto 22, nagkaroon na ng langib ang mga nagsusugat na bahagi. Noong Setyembre 23, magaling na magaling na siya.

### Pustular Psoriasis

**Diakonesa Ahyun Kim**
(33 taong gulang, taga-Busan)



Noong 2004, nagkaroon ng eczema ang isang daliri sa kaliwang kamay niya. Noong Oktubre 2005, nagtubig ang mga sugat niya. Pagkalipas ng isang linggo, nagnana na ang mga sugat at namaga. Ang eczema niya ay kumalat na sa mukha at sa kabilang kamay. Noong Oktubre 22, 2005, tumanggap siya ng panalangin. Pagkatapos ng isang linggo, hindi na nagtubig ang mga sugat, naglangib ito at kusa nang nawala.

### Erysipelas

**Diakonesa Seonsook Choi**
(37 taong gulang nang magkasakit, taga-Seoul)



Noong Pebrero 26, nagkaroon siya ng mataas na lagnat. Kinabukasan, namula at namaga ang balat niya sa mukha. Nahilo siya at hindi na nakakita nang maayos ang mga mata niya. Nasuring mayroon siyang erysipelas. Pagkatapos tumanggap ng panalangin sa Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling tuwing Biyernes noong Pebrero 29, biglang nawala ang lagnat niya. Noong Marso 2, humupa na ang pamamaga at nawala na nang tuluyan. Gumaling na siya nang husto kinabukasan.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)
“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin
NO. 44 AGOSTO 21, 2011

# “Pananalig: Ang Kayamanan ng mga Kayamanan”

## Sa Pananalig na Lumilikha ng mga Bagay Mula sa Wala, Lumago ang Manmin Central Church at Nagkaroon ng Mahigit sa 9,000 Sangay at Katuwang na mga Iglesya






Ang ministeryo ng Manmin Central Church na lumago sa maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu at tumutupad sa misyong pandaigdigan mula pa nang maitatag noong 1982
(Mula sa kaliwa, ang Pananambahan ng Pagkatatag noong 1982, ang World Holy Spirit Explosion Crusade noong 1992, India Miracle Healing Prayer Festival noong 2002, New York Crusade sa Amerika noong 2006, Israel United Crusade noong 2009, at Pananambahan sa Pagdiriwang ng Anibersaryo ng Iglesya noong 2010).

Nagdaos ang 13 mananampalataya ng Manmin Central Church ng Pananambahan ng Pagkatatag sa isang santuwaryong may sukat na 36 metro kuwadrado. Noong una, ang iglesya ay mayroon lang 7,000 won (mga P 294, sa halaga ng piso ngayon). Sa pananambahan, inihatid ni Pastor Jaerock Lee ang mensaheng may titulong ‘Pananalig: Ang Kayamanan ng mga Kayamanan.’ Magmula noon, tumatakbo sa takbuhan ng pananalig ang iglesya sa pamamagitan lamang ng pagsunod. Dahil dito, ang Manmin Central Church ay naging napakalaking kongregasyon na nagkaroon ng pandaigdigang iglesyang may 9,000 sangay at mga katuwang.

Dahil nakilala niya ang buhay na Diyos, ang Punong Pastor na si Rev. Dr. Jaerock Lee, ay gumaling sa lahat ng karamdaman na nagpahirap sa kanya sa loob ng pitong taon. Minahal niya ang Diyos nang higit sa ano pa man at namuhay sa salita Niya. Kasabay niyan, tinanggap niya ang tawag ng Diyos na maging lingkod ng Panginoon at nanalangin nang buong pananalig upang makapagtatag ng iglesya. Naniniwala siyang walang imposible sa Diyos, kaya ayaw niyang tumanggap ng tulong mula sa mga kamag-anak niya at iba pang tao. Dahil sa marubdob niyang pananalangin, sinagot ng Diyos ang kahit anong hilingin niya, gaya ng santuwaryo, pulpito, mga telepono, mga piano, kampanaryo, at marami pang iba.

mga unang iglesya na inilalarawan sa Ang Mga Gawa ng mga Apostol, maraming mga tanda, kababalaghan, at makapangyarihang mga pagkilos ang naganap. Ang malalim na pag-unawa sa salita ng Diyos, na nakamit sa pagkilos ng Banal na Espiritu, ay naiproklama na. Sa pamamagitan nila, lumago ang pananalig ng mga miyembro. Ang mga dalangin at pagpapahayag nila ng ebanghelyo ay nagparanas sa iglesya ng malaking pagbabagong buhay nang paulit-ulit.

Ang Manmin Central Church ay hinirang ng Christian World, isang magasin na inilalathala sa Amerika, bilang isa sa ‘Limampung Nangungunang mga Iglesya sa Buong Mundo.’ Kinilala ito dahil sa malaking bahaging nagawa sa mga iglesya sa Korea at sa mabilis na paglago nito. Mula noong taong 2000, lumawak na nang husto ang ministeryo ni Rev. Dr. Lee. Pinangunahan niya ang mga krusada sa ibang bansa katulad ng India, Amerika, at Rusya na dinaluhan ng libu-libo, daan-daan, at milyung-milyong katao. Sa isang krusada, nanguna ang iglesya sa isang makasaysayan at napakahalagang sandali nang ang ebanghelyo ay naibalik sa Israel noong 2009.

Higit pa riyan, naipalaganap na ng iglesya ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ang ebanghelyo ng kabanalan na nagpapakilala sa Diyos na Manlilikha at kay Jesu-Cristo sa iba't ibang mga paraan: mga libro ni Dr. Lee na isinalin sa iba't ibang wika; *Manmin News*, na isinalin sa 20 wika; GCN (Global Christian Network); at MIS (Manmin International Seminary).

Si Dr. Lee ay nagpapalakas ng loob ng mga lingkod ng Panginoon na isinugo sa ibang bansa o ibang lugar sa kanyang pagsasabi nito: “Magsimula sa wala. Tanggaping isa-isa ang mga sagot ng Diyos sa pamamagitan ng mga panalangin. Ang dapat lang gawin ng mga lingkod ng Panginoon ay manalangin at palakasin ang sarili sa salita Niya. Ang mga lingkod ay dapat mabilis na mapabanal sa taimtim na pananalangin at tumanggap ng kapangyarihan mula sa Kanya. Kung pangangalagaan ninyo ang puso ninyo sa espiritu, ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang kahit na anong hilingin ninyo. Madaragdagan din ang mga miyembro ng inyong iglesya. Dapat ninyong mahalin ang mga tupang ipinagkatiwala sa inyo ng Diyos nang higit pa kaysa inyong pamilya.”

# Pangitain

"Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, natapos ko na ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya. Kaya't mula ngayon ay nakalaan na sa akin ang putong ng katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na Hukom sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita." (2 Kay Timoteo 4:7-8)



Punong Pastor, Dr. Jaerock Lee

Ang mga dalamhati at pagsubok na pinagdusahan ni apostol Pablo para matupad ang mga tungkulin niya ay hindi makakayang isalaysay sa salita. Gayon pa man, may galak at pasasalamat na iningatan niya ang pananalig at tinupad ang kanyang tungkulin hanggang sa huling sandali. Ito ay dahil mayroon siyang taglay na pangitain: "nakalaan na sa akin ang putong ng katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na Hukom..."

Nais niyang ibahagi ang pangitain at pag-asang ito sa lahat sa paghahayag nito: "...at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita." Ano ngayon ang dapat nating gawin para matupad ang pangitain?

### Una sa lahat, kaluwalhatian lang ng Diyos ang hangarin natin.

Kapag gumagawa para sa kaharian ng Diyos, huwag tayong magmamayabang o maghahangad na makamit ang pansariling hangarin. Para magawa ito, kailangang walang pagmamataas at pagmamalaki sa puso natin.Palakasin din natin ang sarili sa Salita ng Diyos. Subalit ang pakikinig sa Salita at kaalaman nito ay hindi nangangahulugang espirituwal na tayo. Sa madaling salita, hindi lang kaalaman ng Salita ang mahalaga, dapat din itong isagawa o ipamuhay.

Kung mayroon tayong karunungan sa Salita, totoong makakapagturo tayo sa mga kawan at makakapangaral ng mensahe. Gayon pa man, hindi ito makakapagpabago ng mga kaluluwa. Magbabago lang ang mga kaluluwa kung ipamumuhay natin ang Salitang itinuturo o ipinapahayag natin. Magbubunga ito ng mga gawaing buhay o aktibo. Pagbibigay-luwalhati sa Diyos ang resulta ng espirituwal na pagbabago at pagkamit ng tunay na buhay.

Ipagpalagay nating may dalawang taong parehong nag-aral ng Salita ng Diyos. Ang antas ng pagpapakita nila ng kapangyarihan ng Diyos ay magkaiba sapagkat ayon pa rin ito sa sukat ng kanilang pananalangin. Kung kayo ay lingkod ng Diyos na nangangalaga sa mga kaluluwa na nasa harapan ng digmaang espirituwal, kailangang manalangin kayo ng maalab sa Diyos. Hilingin ninyo ang buong kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang matupad ang mga gawain ng Diyos. Ang lalim ng pag-unawa sa Salita ay nagkakaiba ayon sa marubdob na pananalangin.

Kung kayo ay may inspirasyon ng Banal na Espiritu, malalaman at mauunawaan ninyo ang lalim ng espirituwal na mga Salita. Kung hindi, mahihirapan kayong unawain ang Salita. Hindi ito mauunawaan sa makamundong dunong at talino. Sinasabing si apostol Pedro ay hindi gaanong edukado, subalit itinala niya ang Una at Ikalawang Sulat ni Pedro sa inspirasyon o pagkilos ng Banal na Espiritu. Nagawa niya ang napakahalagang pagtatala dahil nauunawaan niya ang lalim ng espirituwal na kaharian sa inspirasyon ng Banal na Espiritu. Kaya dapat nating pahalagahan ang pananalangin.

Kaya dapat kayong palaging puspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pag-aaral ng Salita. Dapat na maging maalab sa pananalangin at paghahangad ng kaluwalhatian ng Diyos lamang sa pagsasakatuparan ng inyong pangitain.

### Pangalawa, kailangan nating magkaroon ng malaking espirituwal na pananalig

Kinakailangan nating magkaroon ng malaking espirituwal na pananalig para makapagbigay ng luwalhati sa Diyos. Dahil ang pananalig ay napakahalaga sa pagtupad ng gawain ng Diyos.

Sa buhay Cristiano, maaaring dumaan tayo sa iba't ibang pagdurusa na maaaring mapagtagumpayan sa mismong pananalig lang. Subalit pinapalakas ang loob natin ng 1 Pedro 1:7, "upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagamat ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo." Ibig sabihin, sa pagtatagumpay lang natin sa mga pagsubok sa pananampalataya maihahayag ang kaluwalhatian ng Diyos at matatamo ang kapurihan, kaluwalhatian at karangalan.

Ang kasaysayan ng Manmin Central Church ay tunay na makikita sa 'pagtupad ng lahat ng bagay sapamamagitan ng pananalig mula sa simula hanggang sa wakas.' Nang itatag namin ang iglesya, wala ni isang importanteng kagamitan. Sinimulan ko ang iglesyang ito na may US$7.00 at isa-isang tinanggap ang bawat pangangailangan sa pamamagitan ng pananalanging may pananalig.

Nang matagpuang patay ang tatlo kong anak na babae at isang binatilyo dahil nalason sa paglanghap ng carbon-monoxide, buong pananalig kong ipinagkatiwala sila sa Diyos. Sa huli, binuhay sila ng Diyos.Noong may masasamang taong nagtangkang wasakin ang iglesya, noong kailangang-kailangan na naming ilipat ng lugar ang iglesya, at noong magkaroon ng matinding krisis na pangpinansiyal, napagtagumpayan namin ang lahat ng pagsubok sa pamamagitan lang ng pananalig.

Nang manguna ako sa mga krusada sa ibang bansa, ginawa ko iyon sa pananalig lang. Kung mayroon kayong pananalig na katulad ng sa akin, mamumunga kayo at maluluwalhati ang Diyos kahit saan kayo maglingkod.

Paano kayo magkakaroon ng napakalaking pananalig? Ang sagot, ibinibigay ng Diyos ang pananalig na iyan mula sa langit, at ang ibibigay sa inyo ay ang tamang sukat na nararapat sang-ayon sa kalinisan ng puso ninyo. Maaari ninyong ihanda ang malinis na sisidlan kung iwawaksi ang lahat ng uri ng kasamaan.Maaaring linisin ang inyong sisidlan sa pagsunod sa sinasabi ng Biblia kung ano ang dapat at hindi dapat gawin, ingatan ang dapat ingatan at iwaksi ang mga dapat iwaksi.

Kung hindi pa ninyo naiwawaksi ang mga gawa ng laman na kinapopootan ng Diyos na nakasulat sa Galacia 5:19-21, magiging imposibleng makamit ang pananalig mula sa Kanya. Kung nangangalaga kayo sa mga kaluluwa at nagpapayo sa kanila nang walang pananalig, makalaman lang ito at walang epekto sa pananalangin para sa kongregasyon. Matatagpuang matapat lang kayo sa laman. Mababasa sa pangalawang bahagi ng Mga Taga-Roma 14:23, "...at anumang hindi batay sa pananampalataya ay kasalanan."

Kapag iwawaksi ninyo ang lahat ng klase ng kasamaan at susunod sa mga utos ng Diyos, bibigyan Niya kayo ng espirituwal na pananalig mula sa Kanya. Ipagkakaloob din Niya ang lahat ng inyong hilingin (1 Juan 3:21-22). Hindi ba mas magiging masaya kayo kung papasok kayo sa isang dimensyon na may garantiya ng pagsang-ayon ng Diyos sa ginagawa ninyo?

Marubdob ko kayong hinihimok na maghandog kayo sa kaharian ng Diyos ng ganitong pananalig nang sa ganoon ay ipuputong sa inyo ang korona ng katuwiran sa Araw na Maluwalhati. Idinadalangin ko ito sa pangalan ng ating Panginoong Jesus-Cristo!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |

# "Gumaling ang Kanser Ko sa Dibdib Nang Magising Ako Mula sa Espirituwal na Pagtulog"

**Diakonesa Inok Han** (1-4 Parokya)



Noong Marso 2007, bigla akong nakaramdam ng bukol at sakit sa kanang dibdib ko. Nagpasuri ako sa ospital. Malaki ang posibilidad na may kanser ako sa dibdib. Pagkalipas ng isang buwan, nagpa-biopsy ako sa isang ospital na espesyalista sa kanser. Nakita sa resulta na mayroon akong bukol na nakakamatay. Nabigo ako sa inaasahan ko.

Ang kanser ko sa dibdib ay nasa 'stage 2'. Umasa pa rin ako dahil naniniwala ako sa Diyos na kayang gawin ang kahit na anong bagay. Nakita ko rin ang hindi mabilang na mga mananampalataya na gumaling mula sa karamdaman sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. Nagdesisyon akong umasa sa Diyos kahit sinabihan ako ng mga doktor na kailangang maoperahan kaagad. Dahil sa paniniwala ko, nawala ang pananakit pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee.

Gayon pa man, dahil hindi nagamot ang pangunahing sanhi ng kanser, nakaramdam ulit ako ng pananakit. Napakasakit nito na parang may tumusok sa akin ng kutsilyo. Walang lakas ang kanang braso ko, kaya ni hindi ako makagamit ng chopsticks. Nagbalik-tanaw ako sa naging buhay-Cristiano ko.

Binasa ko ang mga libro ni Dr. Lee na The Message of the Cross, Life of Disobedience Life of Obedience, at The Measure of Faith. Pinakinggan ko ang mga 'cassette-tape' na serye ng mga sermon na pinamagatang 'Spiritual Love' at 'Nine Fruits of the Holy Spirit,' at marami pang iba. Sa mga mensahe, hinanap ko ang pusong hindi nararapat sa mata ng Diyos. Napagtanto ko na inakala ko lang na sumasampalataya ako dahil nakikinig ako sa mga mensahe ngunit hindi ko pala inalagaan ang puso ko. Kaya unti-unti kong nilinis ito.

Sinaliksik kong mabuti ang puso ko at nadiskubre ko ang kasamaan ko, ang kayabangan, galit, hinanakit, pagrereklamo, masamang-loob, at marami pang iba. Pinagsisihan ko rin na sumamba ako sa mga diyus-diyosan bago ako naging Cristiano. Kataka-takang nababawasan ang pananakit habang nagsisisi ako. Inisip ko pang gumaling na ako.


Noong Hulyo 2009, nagpa-biopsy ulit ako. Nakita sa resulta na mayroon pa rin akong malalang tumor. Subalit hindi na ako nabigo. Nag-alay ako ng dalangin ng pasasalamat dahil nasisiguro kong hawak ako ng Diyos. Sinabi ko sa Diyos, "Diyos Ama, salamat sa malaking pagmamahal mo sa akin. Mas lalo pa akong magbabago. Magbabago ako kaagad." Hindi ko mapigilang lumuha dahil sa pag-ibig Niya sa akin. Pagkatapos, sinikap kong mabuti na baguhin ang dating pagkatao (pag-uugali) ko at magkaroon ng puso at pag-ibig ng Panginoon.

Isang araw, nanaginip ako. Sinabi ni Dr. Jaerock Lee sa akin sa panaginip na ang liwanag ng kagalingan ay paparating na sa akin. Mas malaking pag-asa ang naranasan ko. Nagkaroon ako ng pananalig na gagaling ako sa pakikipagkamay lang kay Dr. Lee katulad ng babae na napagaling sa 12 taong pagdurugo, nang humawak sa laylayan ng balabal ni Jesus.

Noong nakaraang Mayo, dahil sa pananalig ay mas maliit na ang bukol ko pagkatapos makipagkamay kay Dr. Lee. Noong Hunyo 10, hindi ko na nasalat ang bukol pagkatapos maipanalangin sa unang sesyon ng Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling. Ipinanalangin ulit ako sa pangatlong sesyon noong Hunyo 24. Nagpasuri ulit ako noong Hunyo 29, at lumabas sa resulta na wala na ang kanser, subalit ang bakas nito ay naroon pa rin. Hallelujah!



▲Bago ipanalangin
Ang resulta ng sonogram (Hulyo 2, 2009)
: Ang kanser sa dibdib ay 2.5 sm



▲Pagkatapos ipanalangin
Ang resulta ng sonogram (Hunyo 29, 2011)
: Bakas ng kanser sa dibdib

# "Masaya Ako sa Pagmiministeryo Mula Nang Makilala Ko ang Espirituwal na Ama Ko"

**Pastor Mulenga Ntumba Tosh** (Come and See Manmin Church, Israel)




Hindi ko malilimutan ang sandaling bumisita ako sa Manmin Central Church. Ang espesyal na pagtatanghal at dedikasyon nila ay nagpaalala sa akin ng kaharian sa langit. Napakaespesyal nila sa akin. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos Ama dahil nakilala ko ang espirituwal na guro ko, si Rev. Dr. Jaerock Lee.

Noong 1999, nagtatag ako ng iglesya pagkatapos matutuhan ang kasaysayan ng Biblia sa isang Bible College sa Israel. Nang kasisimula pa lang ni Dr. Jaerock Lee ng ministeryo niya sa Israel noong 2007, nakilala ko si Immanuel na isang propeta, sa isang simbahan sa Tel Aviv. Sinabi niya, "May makikilala kang isang taong hinirang ng Diyos at tunay na lingkod Niya na manggagaling sa ibang bansa. Siya ay magiging tagapayo at espirituwal na ama mo." Hindi ko naunawaan ang ibig niyang sabihin noon, subalit nanatili sa puso ko ang mga sinabi niya.

Isang araw, nakipagkita ako kay Dr. Jaerock Lee sa tulong ng misyonerong si Charonne Kang. Lumuhod ako sa harapan niya para tumanggap ng dalangin. Sinabi ng isang propeta na may nakita siyang kalapati na dumapo sa ulo ko nang ipanalangin ako.

Bumisita ulit si Dr. Jaerock Lee sa Israel at nagdaos ng mga seminar para sa mga pastor. Naganap ang malawakang pagkilos ng pagpapagaling doon. Nagkaroon ako noon ng pangitain – bagabag ang damdamin ko habang nakaupo sa silya dahil hindi ko alam kung saan ako pupunta. Hindi nagtagal, iniabot ni Dr. Lee sa akin ang mga kamay niya na tulad ng isang magiliw na ama, at lumapit ako sa kanya na batid na kung saan ako papunta. Nang sandaling iyon, bigla kong naalala ang sinabi ng propeta na may makikilala akong espirituwal na ama.

Nagsimula akong makinig sa mga mensaheng ipinapangaral ni Dr. Lee sa Internet. Sabik na binasa ko ang mga libro niyang *Heaven I at II, The Measure of Faith*, at Hell. Ang mga libro niya ay puno ng mga espirituwal na lihim. Nararamdaman kong lumalago ang pananampalataya ko habang binabasa ko ang mga libro at nananalangin araw-araw.

Ipinalista ko ang aking iglesya bilang sangay ng Manmin Central Church nang walang pag-aalinlangan. Pinalitan ko pa ang pangalan ng iglesya sa Come and See Manmin Church. Nagkaroon ako ng lakas ng loob sa pagmiministeryo habang nakikita ko ang paggaling ng maraming tao kapag ipinapanalangin ko sila gamit ang panyong nakakapagpagaling na idinalangin ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Hallelujah!